

# 1

Na-delete bigla ang tawa sa mga labi ni Carla nang biglang sumulpot sa tabi niya si Jovit at inakbayan siya.

Nagtangka siyang kumawala mula sa pagkakaakbay nito, pero lalo namang hinigpitan ng lalaki ang pagkakahawak sa balikat niya.

“Having a great time, my dear?” bulong nito sa tainga niya. Gusto niyang masuka sa amoy ng bibig nito, magkahalong usok ng sigarilyo at alak.

Dati niya itong manliligaw at kamuntik pa niyang sagutin kung hindi niya nabukong marami pala itong babae bukod sa kanya.

Kung hindi lang siguro siya totally turned-off sa binata ay mapapahanga uli siya sa taglay nitong kagandahang lalaki. Mestizo ito, half-American dahil Amerikana ang ina nitong nakapangasawa ng Pilipino.

Asul ang mga mata nito, mahahaba at malalantik ang pilik, matangos ang ilong, red lips at super puti ang flawless na kutis. Medyo brown din ang buhok nito.

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

---

Nakasuot ito ng gray long-sleeves shirt with chest pocket na tinernuhan ng washed retro skinny jeans at loafers. May suot din itong burgundy beanie.

Bagay na bagay rito ang kasuotan. Lalong naging guy-next-door ang dating nito. Jovit was actually a ramp model at noong kabataan pa nito ay nagtangka itong pumasok ng showbiz.

Hindi lang kinaya ng ina nitong may-sakit sa puso ang mga tsismis sa industriya, kaya naudlot ang pagiging artista sana ng lalaki.

Nag-fifty-fifty kasi ang kalagayan ng ginang at napasok sa ICU sa isang ospital nang marinig ang tsismis na may sugar daddy raw ang anak nito.

Ang tsismis na iyon ay galing sa isang bading na reporter na may gusto kay Jovit, pero hindi naman nito pinatulan. Para makaganti ay gumawa iyon ng intriga. Kung hindi pa idinemanda ng ina ni Jovit ay hindi pa magpa-public apology ang nasabing reporter.

Sa nangyari ay natakot ang binata na baka tuluyan nang mapasama ang lagay ng ina nito kapag may narinig na namang bagong tsismis.

Nagdesisyon na lang itong manatiling modelo. And it was a wise move because he was good at what he's doing. International model na ito, sa katunayan.

“I was,” aniya, nagpupumiglas na kumawala sa yakap nito, “until you came along.”

“What a bitch!” Obvious na nainsulto ito sa ginawa niya dahil umasim bigla ang mukha nito.

“And you’re an asshole. Stop pestering me, okay?”

“Akala mo naman kung sino ka!” Sinubukan nitong hilahin ang braso niya, pero kapwa sila nagulat sa lalaking pumagitna sa kanila.

“Carla, may problema ba?” Parang kulog na dumagundong ang boses nito sa gitna ng malakas na tugtog sa loob ng bar.

Hindi kilala ng dalaga ang tumawag sa pangalan niya, ngunit na-relieve siya sa ginawa nito dahil bigla siyang pinakawalan ni Jovit. Bahagya rin itong namutla.

Kung di ba naman, di-hamak na mas matangkad at mas malaki ang pangangatawan ng estranghero kaysa sa modelo. Jovit was already a six-footer.

Despite the dim light in the bar, she could somehow make out the stranger’s features in the dark. He was wearing a dark short-sleeves polo, faded denim jeans and equally dark pair of shoes. Maliban sa relo na suot ay wala na siyang napansin

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

na anumang burloloy sa katawan nito. He was lean. Halatang health buff, ngunit hindi rin ang tipong puno ng muscles ang buong katawan.

*He must be single.* Napansin din niyang walang suot na singsing ang mga daliri nito.

The man was skinhead, mapupungay ang pilik ng malalaking mata, hindi katangusan ang ilong, medyo malaki ang mga tainga pero saktong sa proportion ng kabuuan ng mukha.

Hindi kaguwapuhan but he had an easy smile at may command ang presence. At the back of her mind, Carla could tell that she'd already met the man somewhere. Hindi lang niya masabi ang saktong lugar.

Nakangiti ang lalaki habang nakatingin sa kanya. Pero nang balingan nito si Jovit ay nawala ang ngiti sa labi. The guy suddenly turned menacing and was ready to pounce on the jerk na lalong ikinaputla ng mga labi ng lalaking kinaaasaran niya.

May kilala ba siyang basketball player? Wala naman. But whoever the intruder was, she was grateful for his interruption.

Inakbayan siya nito, magaan ang kamay sa balikat niya despite his built. Bahagya rin niyang naamoy ang

spicy scent ng pabango ng bagong dating.

It was actually a reassuring gesture na lalong ikina-relieve ng dalaga at ikinalakas din ng loob.

“Thanks, but this is no big deal.” Nginitian niya ang lalaki at pagkatapos ay binalingan si Jovit. “Just stop pestering me, okay?”

Bumuka ang bibig nito subalit bago makausal ay naunahan na ng *knight in shining armor* niya. “You heard the lady. Stop bothering her.”

“N-no harm done.” Tuluyan nang nawalan ng kulay ang mukha ng modelo. Paatras na tumalilis ito ng alis hanggang makalabas ng bar.

Saka lang siya tuluyang nakahinga nang maluwag. Kilala niya si Jovit, saksakan lang ng yabang ngunit wala naman talagang balls para manindigan. Magpapalamig na muna ito bago muling magpakita sa kanya.

---

“Salamat, ha?”

“No problem.” Muling ngumiti ang lalaki kay Carla. Lumantad ang mapuputing ngipin nito. Saka lang niya napansin na may dimple pala ito sa kaliwang pisngi. For a height so tall like a tower’s,

he looked cute.

“What are you doing here alone, anyway?”

Napakunot-noo siya. Kung umakto kasi ang lalaki ay parang magkakilala talaga sila.

“Kilala ba kita?” Hindi na siya nakatiis pa na alamin kung sino ito.

Bahagya itong nagulat sa tanong niya. “Hindi mo na ako natatandaan?”

Umiling siya. The man was getting more and more familiar to her, but she’s finding it harder to tell exactly where and how they met.

“Ako si Dick!”

“Dick?”

Dalawang *Dick* kaagad ang naisip niya. Ang isa ay wala pa siyang personal close encounter. Namula siya sa kaberdehan ng utak niya.

Ang isa naman ay nakasama na niya sa isang *Red Cross Blood Letting* activity kung saan ay isa siyang volunteer noon sa kolehiyo.

“D-Dick Gordon? Sir?” Tumaas ang isang kilay niya. Hindi siya makapaniwala. Nasobrahan ba ng stem cell therapy ang dating senador kaya bumata

at gumuwapo nang kaunti? Tumangkad pa!

Natawa ang *Dick*. “Mukha ba akong *dick*?”

Nag-init ang buong mukha niya sa biro nito. Gustong matawa ng dalaga, subalit pinigilan niya ang sarili. It wasn't wise to talk to a stranger, much less laugh with him. Kahit ito pa ang naging tagapagligtas niya.

“Hindi. But you're beginning to act like Jovit.”

Ito naman ang napakunot-noo. “Sino si Jovit?”

“The asshole...” Ininguso niya ang pinto kung saan lumabas ang kamuntik na niyang maging ex.

Namula ito. “Sorry.”

“Okay lang,” kubit-balikat niya, “siguro naman sasabihin mo na kung bakit mo ako kilala, *Dick*?” Ipinagdiinan niya ang pangalan nito.

Matay man niyang isipin ay wala talaga siyang kilalang *Dick* maliban sa senador. And they were not even friends!

“Naalala mo pa ba ang Albay?”

“Anong konek?” Ang probinsyang binanggit nito ang childhood hometown ni Carla.

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

---

Parehong tubong-Manila ang mga magulang niya, pero ang daddy niya ay dating engineer ng isang multi-construction company at nadeestino sa Albay. Mataas ang position ng kanyang ama at malaki ang kita.

Doon na siya ipinanganak at nag-aral hanggang makatapos ng high school. Pagtuntong niya ng college ay siya namang pagtrabaho ng kanyang daddy sa Australia. May nag-pirate kasing Australian firm dito at sa ganda ng offer ay tanga lang ang tatanggi.

Nagbalak mag-migrate sa bansang iyon ang mga magulang ni Carla at doon na sana siya magkokolehiyo. Pero nagkaproblema sa pag-aaral niya. Ang high school diploma ng dalaga ay hindi sapat na credentials upang makapagkolehiyo siya roon.

Napilitan tuloy na iurong ng daddy niya ang pag-apply ng immigration sa Australia dahil sa kanya at nag-OFW na lang doon. Samantala, naiwan si Carla at ang mommy niya sa Pilipinas upang makapagkolehiyo siya.

Sa Maynila na niya ipinagpatuloy ang pagkokolehiyo at doon na rin siya nakapagtapos. Siyam na taon na siyang lisensyadong architect, may matatag na trabaho sa isang malaking construction



company.

She also did some freelancing jobs on the side. Sa kasalukuyan ay nagbabalak siyang i-career na nang tuluyan ang pagiging freelance architect.

May sapat na siyang naipon at marami na rin siyang clients, kaya malakas na ang loob niyang magsarili.

“Ako si Roderick, ang kapitbahay ninyo noon, remember?”

Napamulagat si Carla sa sinabi nito. Sinipat niya ito nang maigi, “Ompong? Ikaw na ba iyan?”

Gusto niyang lumundag sa tuwa. Si Ompong, ang childhood best friend niya! Taga-gawa niya ng assignment, taga-turo sa kanya sa Math, taga-drawing niya noon ng mga projects niya!

Hindi na sila nagkita mula nang lumipat silang mag-ina sa Manila. Wala na rin siyang naging balita rito.

“Ako nga. Sagwa naman ng tawag mo sa akin.”

“Alin kaya ang mas masagwa?” Hindi na siya nakatiis, sinunggaban niya ito ng yakap. “I missed you, Ompong!”

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

---

Nagulat man ay humahalakhak na gumanti rin ito ng yakap sa kanya. “Ako rin, na-miss kita.”

Niyaya siya nito sa isang bakanteng table at doon sila pumuwesto. Nag-order ito ng maiinom nila. Kumuha siya ng red wine, whisky naman ang pinili ito.

“Saan ka na pala ngayon? ’Tsaka, bakit naging ‘Dick’ na ang palayaw mo? Kumusta ka na? sina Tita Mel at Tito Boy? Ang mga kapatid mo?”

Alam niya, siyam na magkakapatid sina Ompong at ito ang panganay. Tatlong babae ang kapatid nito. Engineer din ang daddy nito na dating kaopisina ng kanyang ama.

Mas mataas ang posisyon ng tatay nito, pero dahil sa dami ng anak ay lumabas na mas maluwag ang buhay nila kaysa sa buhay ng mga ito.

Best friends ang kanilang mga ama dahil bukod sa magkaopisina ay magkapitbahay pa sila.

May provision kasi ng free housing para sa mga supervisory staff at galing sa malalayong lugar ang kompanyang dating pinagtrabahan ng mga ama nila.

Tubong-Visayas si Ompong kaya parehong

binigyan ng free housing ang mga pamilya nila.

“Retired na si Tatay at si Nanay. Iyong mga kapatid ko naman, lahat sila dito na sa Maynila nakabase. Dito kasi lahat nakakuha ng trabaho. Nakabili kami ng lote sa isang subdivision sa Pasig.”

“Doon kayo lahat nakatira?”

Tumango ang binata. “Malaki kasi ang lote na nakuha namin. Ginawa na lang compound para sa lahat.”

“Eh, ikaw, saan ka nagtatrabaho?”

“Kararating ko lang, galing Dubai. Ten years na ako doon. Doon ko nakuha ang palayaw na ‘Dick’.”

“Wow, ang laki na ng naipon mo! Rich ka na, pautang naman, o.”

Tumawa ang lalaki sa parinig niya. Piningot nito ang kanyang ilong, “Wala nga. Alam mo na, panganay ako kaya kailangan tumulong sa pagpaaral ng mga kapatid. Awa ni Lord, nakatapos na lahat at may mga trabaho na.”

“Ang bait mo talaga.” Dumoble ang dating paghanga niya rito.

Dati na siyang fan ni Ompong kahit noon pa man.

Kung hindi dahil sa kaibigan ay hindi siya matututong gumuhit at hindi sana siya arkitekto ngayon.

“Akala ko, sasabihin mo, guwapo.”

Si Carla naman ang napabungisngis sa sinabi nito. “May pamilya ka na ba? Ilan na ang anak mo?” May kaunting selos siyang naramdaman sa sariling katanungan. Pero naintindihan naman niya kung bakit. Sanay kasi siyang apple of the eye nito.

Pero nagulat man ay lihim din siyang natuwa sa sagot nito. “Single pa rin ako hanggang ngayon.”

“Ang tanda mo na, binata ka pa rin?”

“Kung magsalita ka, talo ko pa ang naka-wheelchair na. Thirty-three pa lang po ako.”

“Thirty-three, just about time to settle down.”

Umiling ito. “Pahinga muna. Katatapos pa lang ni Bunso ng college last year. Gusto ko munang i-enjoy ang pagiging binata ko habang hindi pa ako napipikot.”

“Hinihintay mo lang pala na makadisgrasya ka.” Napangiwi si Carla sa sinabi nito.

Napahalakhak ito. “Ikaw? Hulaan ko, wala ka pa ring sabit. Dahil kung meron, wala ka nang

karapatang tumambay ng bar nang madaling-araw.”

“Shower party ito ng kaopisina ko. Ikakasal na kasi siya next week and I’m going to be one of her bridesmaids.”

“Always been a bridesmaid but never a bride, huh?”

“Okay lang, hindi naman ako nagmamadali.”

Totoo iyon. Nag-e-enjoy siya sa career niya at wala siyang panahon para magkaroon ng love life, although it would be a plus factor kung mayroon.

Buwisit kasing Jovit na iyon! Ngayon sana ay may boyfriend siya! Pero okay lang, she’s only thirty, for Pete’s sake!

“Aba’y dapat lang, lalo na kung kagaya ni Jovit ang mapapangasawa mo. Maghuhuramentado ako kapag siya ang nakatuluyan mo.”

## 2

“Ompong, ang laki mo na! At ang guwapo mo!” Sinalubong ng yakap at halik ng mommy ni Carla ang bisita nila.

Carla couldn't agree more. Habang tumatagal ay paguwapo nang paguwapo ang tingin niya sa kababata. Mas lalong lumalakas ang appeal nito.

Tulad ngayon, mamang-mama ang dating nito sa kanya kahit na simpleng white fit V-neck T-shirt at kupas na maong lang naman ang suot nito at naka-Crocs sandals. He was also wearing a pair of dark shades, pero hinubad nito iyon nang masalubong ang kanyang ina.

“Mausog ang bata,” birong saway ng daddy ng dalaga. “Kumusta, Hijo? Guwapo talaga ang mga lahi nina Pareng Boy, ano, Ompong?”

“Dick po, Daddy, Mommy,” patudyong sabad ni Carla. Kinuha niya mula sa binata ang pasalubong nito, basket ng prutas at isang mamahaling wine para sa daddy niya at ibinigay sa katulong na tinawag.

“Kumusta sina Pare at Mare? Bakit hindi mo isinama papunta rito?”

Magkasabay na pumasok ng bahay ang kaibigan niya at ang daddy niya samantalang bumuntot naman silang mag-ina.

“Nasa Bohol po kasi sila ngayon. Nagninong at ninang sa kasal ng pinsan ko.”

“Pagbalik nila, dalhin mo sila rito nang makapagkumustahan naman kami. Halos magkapitbahay lang pala tayo ulit, ah.”

Malapit sa Kapitolyo ng Pasig ang bahay nila sa isang subdivision. It was a two-storey house which Carla planned and built herself. Tamang-tama lang ang laki niyon para sa kanilang tatlo, pero malawak ang bakuran nila at puno ng halaman. Mayroon din silang gazebo sa gitna ng hardin.

Nabili ng daddy niya ang lote habang nasa Australia pa ito mula sa isang kaibigan na nagmigrate papuntang Canada at ginamit ang perang pinagbentahan ng lupa sa pag-a-abroad.

“Okay po, Tito Gil. Excited na nga si Tatay nang balitaan ko tungkol sa inyo. Pagbalik daw nila rito, magdi-date daw kayong apat.”

“Call kami diyan!” tuwang-tuwang sagot ng mga magulang ni Carla.

Napansin ng daddy niya ang alak na dala ni Ompong. Tinawag nito ang katulong at kinuha mula roon ang alak.

“Okay ’tong dala mo, ah. Ma-testing na nga natin ito mamaya, Hijo.”

“Daddy, may date ho kami ni Ompong!”

“At saan kayo pupunta?” Halatang nagulat si Mang Gil.

“Isasama ko siya sa site. Iyong bago kong project sa Muntinlupa. Siya ang bago kong structural engineer.” Twenty-storey commercial building ang bago niyang proyekto.

Sideline niya iyon. Dahil engineer si Ompong, inalok niya itong kontratahin ang construction.

“Bakit hindi na lang kayo magsosyong dalawa nang sa ganoon ay pati pangongontrata ay hawak na ninyo?”

Nagkatinginan sila ni Ompong.

Sumingit ang mommy niya, “Oo nga, ano? Bakit hindi ninyo gawin iyan? Di ba wala ka na ring balak bumalik ng Dubai, Hijo?”

“Napag-usapan na ho namin iyan,” ani Carla.



Mula nang magkita sila ni Ompong sa bar dalawang linggo na ang nakakaraan ay panay na ang labas nilang dalawa. Malimit siyang sunduin nito sa opisina upang kumain sa labas. Reminiscing the old times, kumbaga.

Isa sa mga pinag-usapan nila ay ang magsosyo sa pangongontrata ng mga istraktura. Sa karanasan ni Ompong sa ibang bansa, alam niyang maganda ang magiging samahan nilang dalawa.

“O, ano pa ang hinihintay ninyo? Simulan na ninyo ang business partnership ninyo,” anang daddy niya.

“Dad, it’s not that easy. Kinukulit pa rin kasi ng amo niya itong si Ompong na bumalik ng Dubai. Kahit daw three more years pa.”

“Ganoon ba?”

“Ay naku!” sabi ng mommy niya. “Kailan pa kayo magsisimula kung di ngayon na? Ang kikitain mo doon sa Dubai ay mababawi mo rin dito, Ompong. Malaki ang kita sa construction at alam mo iyan.”

“Iyon nga din ang balak ko, Tita Ness.”

“Isa pa, tapos na rin lahat ng kapatid mo sa kanilang pag-aaral. Magsimula ka nang magnegosyo

habang bata ka pa. Mahirap na kasi kapag may-edad na. Wala na iyong drive, kumbaga.”

“Kapiling mo pa ang pamilya mo.”

Tumango si Ompong bilang pagsang-ayon sa huling tinuran ng kanyang ina.

“May panahon ka na rin para maghanap ng mapapangasawa mo.”

“Nge! Puwede bang pagsabayin ang career at love life?” Hindi type ni Carla ang suggestion ng daddy niya.

“At bakit naman hindi?”

“Love life will get in the way. Eh, paano kung nagsisimula pa lang ang business namin? Mahahati ang concentration niya? Hindi puwede ang ganoon.”

Napailing si Aling Ness sa tinuran niya. “Ikaw talaga, Carla, puro ka pera. Sino naman magmamana ng pera mo kung wala kang pamilya?”

“I didn’t say I’m not going to get married someday. My point is, hindi sila dapat pagsabayin muna.”

Binalingan ng mommy niya ang binata. “Teka muna Ompong, ikaw ba ay walang naiwang girlfriend sa Dubai?”

“Meron ho.” Siya ang sumagot. Na-interview na yata niya ito. “Si Dina, isang nurse doon.”

“O, iyon naman pala, bakit hindi ka pa mag-asawa?”

“Kasi ayaw ni Dina na umuwi rito. Balak niya mag-migrate sa New Zealand. Mas malaki ang kita doon ng mga nurse. Ang problema ay hindi ganoon kalakas ang demand para sa mga engineer.”

“Okay ka talaga, Anak, tinalo mo pa si Jessica Soho,” iiling-iling na usal ni Mang Gil na ikinatawa nina Ompong at Aling Ness. “Pag-usapan ninyong maigi ang balak ninyo.”

“In the meantime, kumain muna tayo. Malamig na ang pagkain sa mesa.” Niyaya sila ng mommy niya sa dining room.

---

“Paano kung makipagmatigasan sa iyo si Dina? Ano ang gagawin mo?” tanong ni Carla kay Ompong.

Nasa mall sila at naglalakad patungong grocery. Ka-text niya ito kanina at nang malamang maggrocery siya ay nag-alok na sasamahan siya.

Marami na ring naipong investment si Ompong habang nasa ibang bansa ito. May share ito sa stock

market, may dalawang franchise ng gasolinahan sa Makati at may mga paupahang apartment at condo units sa Metro Manila.

Ngayong nakabakasyon ay ito mismo ang personal na namamahala ng mga negosyo.

Mamimili ito ng pintura para sa isang bakanteng unit ng apartment. May bagong mangungupahan daw kasi at ang lalaki na mismo ang magpipintura ng unit.

Huminga nang malalim ang binata bago sumagot. Halatang nahirapan ito sa tanong niya. “Bahala na.”

“Anong bahala na? Hindi puwede ang ganyan. Dapat meron kang options para kung sakaling mag-backfire ang unang plano mo ay mayroon ka pang bala, kumbaga.”

Napangisi ito sa tinuran niya, halatang na-amuse sa kanyang kakulitan. Kinurot nito ang kanyang pisngi na ikina-blush niya naman.

Hindi maintindihan ni Carla kung bakit, pero ramdam niyang nag-init ang buong mukha niya sa ginawa nito. Pasimple niyang hinaplos ang mukhang nakurot.

“Iyan ang gusto ko sa iyo. Palagi mo akong inuunahan.”

Namula siya sa tinuran nito. “OA mo, ha! Advice ko lang naman iyon, ano!”

“I know and you’re right. Lumalakad ang panahon at hindi naman tama na ganito na lang kami ni Dina habambuhay. Siguro lang hindi pa ako handa para malaman ang sagot niya.”

Imbis na makontento sa sinagot ng kababata ay nakaramdam siya ng pagpa-panic. “My goodness, Ompong! Magdadalawang buwan ka na rito. You should have at least heard from her. O di kaya, you should have called and talked to her. Hindi tama na magpapakiramdaman lang kayo.”

Sunud-sunod na tango nito. “Yeah. I should have done that. Pero s’abi ko nga sa iyo, I’m enjoying my life now. Saka ko na aabalihin ang isip ko sa bagay na iyon. Stop worrying, Carla. You’ll be the first to know.” Inakbayan siya ng lalaki at kinabig palapit nang mahalata nitong hindi siya nakumbinsi. Hindi naman siya pumalag sa ginawa nito.

Sa totoo lang, hindi sa nag-enjoy siya sa ginawa nito, but she found comfort in his warm embrace, kung embrace na ngang matatawag ang ginawa ng kababata.

Bigla kasi ay na-depress siya sa takbo ng usapan

nila.

“Hindi mo naman kailangang gawin iyan, ano ka ba. What I am trying to say is that kahit gusto mong mag-relax, dapat may focus pa rin ang buhay mo.”

“Of course, my girl. That’s one thing I could never live without.” Pinisil nito ang balikat niya. “Sanay na kasi ako kay Dina, kaya siguro hindi na ako apektado sa pagmamaktol niya. Kapag nawala na ang sumpung ng babaeng iyon, siya mismo ang kokontak sa akin.”

“Yabang mo rin, ’no!” Kinurot niya ang tagiliran ni Ompong na napaigtad naman sa gulat. Naalis tuloy ang pagkakaakbay nito sa kanya. Gusto tuloy niyang magsisi sa ginawa.

Napabuntong-hininga na lang si Carla. Ano ba ang nangyayari sa kanya lately? As if she was riding in a roller coaster.

Ang bilis magbago ng kanyang mood. One minute she was in cloud nine, masayang-masaya siya. Then all of a sudden ay bubulusok siya pababa. Made-depress siya nang walang kaabug-abog. At lahat ng iyon ay madalas mangyari sa tuwing magkasama sila ni Ompong.

“At bakit naman?”

“Parang nakakasiguro ka na gagawin nga ni Dina iyon sa iyo.”

“Oo naman. Malimit niyang gawin iyon.”

“Paano kung hindi niya gawin ngayon?”

Binalingan siya nito ng tingin, “I’ll bet my life on it.”

Muli siyang napabuntong-hininga sa sinabi ng lalaki.

“What’s that for?”

“Ang alin?”

“Don’t give me that look, Carla. Hindi mo kailangang ma-depress para sa amin ni Dina. Sa tagal na ng relasyon naming dalawa, we’re already used to this arrangement. Kumbaga sa Christmas light, on and off kami.” Muli siya nitong inakbayan at pinisil pa ang balikat niya. He gave her a reassuring smile.

Pinilit niya ang ngumiti. Lalo yata siyang na-depress sa sinabi ni Ompong.

“Of course not. Bakit naman ako made-depress? I am just concerned. You are my friend and I am always after your happiness.”

“Thank you, Carla.” Parang humaplos sa puso

niya ang lambing ng boses nito. “You are and have always been my best friend and I could never ask for more.”

“Don’t say that.” Nilunok niya ang nanganganib na pagpiyok ng boses niya.

“But that’s true!”

“I know.” Nilabian niya ito, sabay angkla sa braso nito. Inihilig niya ang kanyang ulo sa balikat nito habang naglalakad sila. “Mag-BFF naman talaga tayo kahit noon pa man. Pero di bagay sa iyo ang mag-emote. Para kang bading, ang OA mo.”

Nagpakawala ng halakhak si Ompong sa pang-iinsulto niya. “Kung hindi lang kita best friend, malamang nakatikim ka na sa akin.”

“Bastos mo!” Nabatukan niya tuloy ito.

“Ng kurot, ano ka ba! Ikaw ’tong bastos.”

“Tse!” Huli na para maitago pa ni Carla ang pagba-blush. Lalo tuloy na-amuse sa kanya ang kaibigan.



# 3

“Okay din itong place mo.” Iginala ni Carla ang paningin sa kabuuan ng bahay ni Ompong.

Ang sala ay napapalibutan ng tinted curtain wall. Hindi masyadong madilim ang pagkaka-tint, pero sapat iyon upang hindi masyadong malakas ang tama ng araw sa loob ng bahay.

Simple lang ang sala nito pero masinop. Wala siyang makitang kalat. May dalawang paintings ni Amorsolo sa dingding, upholstered sala set at may giant flat TV screen. 3D iyon dahil nakapatong ang dalawang 3D glasses sa coffee table.

May home theater ang binata sa tapat ng TV set. Fully carpeted ang sahig at centralized ang air-conditioning.

May balcony ito sa labas ng sala where she could see a small garden in the corner. Ang railings ay puno rin ng potted plants. Halatang alaga ang mga halaman dahil matataba ang mga iyon.

She went out to have a peek. May garden set din pala roon at mayroong swing porch that looked like a cross between a hammock and a swing. Kaparis iyon

ng sofa bed na may malambot na kutson.

There were several pillows strewn all over it. Sa hitsura ng swing, parang masarap mag-siesta roon.

Humikab siya, sabay napaisip kung sino ang natutulog doon maliban kay Ompong. Mayroon kaya itong dinadalang babae sa bahay?

Huling pag-uusap nila tungkol sa love life nito ay nagkakalabuan na ito at si Dina at mukhang mahirap nang maisalba pa ang relasyon ng dalawa.

Tulad ng sinabi nito, si Dina pa rin ang hindi nakatiis. Tinawagan nito ang binata at binigyan ng ultimatum. Pinababalik nito sa Dubai si Ompong sa lalong madaling panahon.

Kapag hindi raw ito tumupad sa usapan ay wala na raw maasahan pa ito sa dalaga.

It came as a shock to him. Hindi nito akalaing makikipagmatigasan ang nobya. Pero ayon mismo kay Ompong, buo na ang desisyon nitong permanenteng manatili ng bansa.

Nasa nobya na raw nito kung ano ang dapat gawin sa bandang huli.

Pero matigas din si Dina. Desidido na itong lumipat ng New Zealand. Sa katunayan ay inaasikaso

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

na nito ang mga papeles na kailangan. Tapos na ring ma-interview ang babae sa embassy at may naghihintay nang trabaho sa bansang lilipatan.

With or without Ompong, the woman was determined to make it in a new place.

And why was Carla secretly relishing the idea? Nagi-guilty tuloy siya. But of course she felt bad, too, about the whole thing. Naawa siya kay Ompong. Halatang apektado ito sa ginawa ng nobya.

Malungkot nga ito nang nagdaang mga araw at hindi masyadong kumikibo. Lately lang ito mukhang nakabawi mula sa depression.

Nakikipagbiruan na naman sa kanya ang kababata at balik ito sa dating gawi. Sa tingin niya ay normal na ulit ang takbo ng buhay ng kaibigan niya.

And she hoped, nakatulong din siya kahit papaano para maaliw ito. Halos araw-araw silang nagkikita at nagsasama.

Selyado na ang pagiging business partners nila, pero hindi pa siya tuluyang nag-resign sa trabaho. May mga pending projects pa kasi siyang inaasikaso roon.

In the meantime, si Ompong na mismo ang

namamahala ng kanilang business. Kompleto na ang business license nila at may ilan na rin silang sinisimulang proyekto.

Pero hindi pa rin maiwasan ni Carla ang mabuwisit kay Dina dala na rin sa awa sa kaibigan. Hindi ba nito alam kung gaano ito kasuwerte kay Ompong?

Hay, kung siya ang babaeng iyon, hindi na siya maghahangad ng kung anu-ano pa. Ang importante ay nagmamahalan silang dalawa.

Hindi naman sila magugutom. Pareho silang may trabaho, bakit kailangan pang maghangad nang mas higit pa kaysa roon?

Natutop niya ang bibig sa naisip. Buti na lang hindi nagsasalita nang malakas ang isip ng dalaga. Patay sana siya kapag nagkataon.

Naisip niyang muling pumasok sa loob ng bahay.

Napagkasunduan nilang gawin munang opisina ang bahay nito habang naghahanap pa sila ng mapupuwestuhan. Dahil nagsisimula pa lang, silang dalawa muna ang tatayong staff sa kanilang office.

Dinala rin siya ng binata sa bahay nito para madalaw niya ang mga magulang at mga kapatid

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

nito mula sa Batangas kung saan magkasama silang dalawa nag-site visit ng restoration project.

Sabik na raw siyang makita ng pamilya nito. Minsan na ring nag-reunion ang mga magulang nilang dalawa at balak ng mga ito na sama-samang bumalik ng Albay upang magbakasyon.

Everyone was pleasantly surprised when they saw her. Halos hindi sila magkamayaw sa tuwa at balitaan ng bawat isa. Weekend kasi iyon kaya lahat ng miyembro ng pamilya ni Ompong ay naroroon.

Naluha rin sa tuwa si Carla. Na-miss niya ang mga dating kalaro na ngayon ay may mga edad na rin at nauna pang magsipag-asawa sa kanya kahit mas matanda siya sa mga ito.

Apat na kasi sa nakababatang kapatid ng binata ay de pamilyado na.

“Ano’ng gusto mo?” Naulinigan niya ang boses ni Ompong. Sinundan niya ito sa kusina kung saan ay nakatanghod ito sa nakabukas na refrigerator.

“Diyos ko, kakakain pa lang natin sa ibaba, kakain na naman ulit tayo dito?” Hinimas niya ang tiyang hindi pa natutunawan.

Tatlong palapag ang bahay ni Ompong. Ang

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

umookupa ng first floor ay ang mga magulang nito at ang apat na kapatid na wala pang mga asawa.

Lahat ng kapatid nito ay pawang may magagandang trabaho. Tatlo ang teacher, isang accountant, dalawang engineer, isang doctor at dalawang computer programmer.

Ang pangalawang palapag ay kay Flor, ang sumunod sa binata, na may asawa na at dalawang anak na lalaki. Teacher ito sa *Ateneo*.

Ang third floor ay mag-isang inookupa ni Ompong. Ito raw mismo ang bumili ng buong lote at nagpatayo ng bahay. May kani-kanyang hagdanan ang bawat palapag upang magkaroon ng privacy ang mga nakatira.

Ang ibang kapatid ni Ompong ay nagtayo ng kani-kanyang bahay sa loob mismo ng compound.

“Maiinom, ayaw mo?” tanong nito sa kanya. Dumukwang ito sa refrigerator at may kinuha sa loob. Mayamaya lang ay may inabot itong lata ng pineapple juice. “May beer din ako dito.”

“No, thank you. Wala na akong malugaran niyan.”

“Okay, sabihin mo lang kapag nagugutom ka.

Marami akong stock dito.”

Natawa si Carla. “Baka after ten years pa bago mangyari iyan. Pero ikaw ba nagluto ng stock mo? Mukhang lahat fastfood delivery lang iyan.” Nilapitan niya ito at sinilip ang loob ng fridge. Malaki iyon at puno ng laman.

At nagulat siya dahil maayos ang pagkakatambak ng mga pagkain sa loob. May kanya-kanyang container ang bawat pagkain. Nakahiwalay rin nang maayos ang canned drinks.

Iginala niya ang paningin sa buong kusina. Kagaya ng sala, simple rin ang disenyo ng kusina nito. walang masyadong abubot. At wala ring kalat.

His house looked like it came straight from a home magazine. De-kalidad ang mga gamit at lahat ay nakaayos.

“Sipag naman ni Tita Mel, hanggang dito sa tuktok ng tralala ang pag-aasikasong ginagawa.” Binalikan niya ang pagkain nito sa loob ng refrigerator.

“Excuse me, ako may gawa lahat nito.”

“Ows?” Umarko ang isang kilay niya.

“Ano naman ang kaduda-duda roon?”

“Don’t tell me, ikaw din nagluto lahat ng iyan?”  
Tumango ito.

“Parang gusto ko nang manliit, ah.”

“Why, don’t you cook?”

Umiling siya, “I only eat.” She comically gestured an imaginary food in her mouth.

Amused na napangisi si Ompong sa ginawa niya. “That won’t be a problem.” Pinisil nito ang baba niya. “Hindi ka magugutom sa pamamahay ko.”

Bumungisngis ang dalaga para itago ang kilig na naramdaman. Her heart would do somersault everytime he would make those moves.

Alam niya, natural lang iyon para sa kababata. He treated her no more like his younger sisters, pero hindi niya maitindihan kung bakit kinikilig naman siya.

“May balak ka bang ampunin ako?”

“Your wish is my command, Babe.”

---

“Salamat, ha?”

“Para saan?” Napakunot-noo si Carla sa tinuran



ng kaibigan. Nasa hammock swing sila at magkatabing umiinom ng kape.

It was freshly brewed, made by Ompong himself. Matapang ang kape nito, pero hindi niya malasahan ang pait. Suwabeng-suwabe iyon sa kanyang panlasa. Galing daw ng Baguio ang kape nito kaya masarap.

Siguro kaya wala siyang nalalalahan sa kape dahil lahat ng nerves niya ay stressed out at hindi niya ma-explain kung bakit. Nakatabi lang niya ang kababata ay hindi na siya mapakali. Ang lawak ng swing pero magkadikit silang nakaupo.

“For everything,” simpleng saad ng lalaki sa tanong niya. Inakbayan siya nito at pinisil ang balikat niya. Hindi pa nagkasya at inihilig pa nito ang ulo roon.

Napasinghap siya sa ginawa nito. “W-wala iyon. What are friends for, anyway?” Bumuntong-hininga siya to catch her breath and calm her nerves.

“Yeah,” anitong tiningala siya at nginisihan, “and you’re the best.”

“Walang kaparis.”

Bumuntong-hininga ito, sabay ayos ng upo. Binalingan siya nito ng tingin. Seryoso ang expression

*You Love Me, You Love Me Not - Adrienne Rowland*

sa mukha ng lalaki. Hinawakan nito ang kamay ni Carla at pinisil. Nagsimula tuloy mag-palpitate ang puso niya.

“What will I do without you, Babe?”

“Ano ka ba!” Binawi niya ang kamay bago siya panlamigan nang todo. “Mag-e-emote ka na naman diyan.”

“Hey, I’m serious. Kung hindi dahil sa iyo ay hindi ko mare-realize kung gaano ako katanga. All these years, wala akong ginawa kundi ang sumunod sa lahat ng kagustuhan ni Dina. I thought my effort was doing us both good. Iyon pala, mali ako.

“Na-spoil ko pala siya nang hindi ko namamalayan. At siya naman, imbis na i-appreciate ang effort ko ay naging abusado. I didn’t realize I had become a stupid fool for giving in to all her whims until you made me see the light,” paliwanag nito.

“Me, the harbinger of bad news.” Now the coffee had suddenly left a bitter taste in her mouth.

Hindi ba naman niya ito tinantanan ng sermon noong panahong lugmok ito sa kabiguan? That’s what made her unpopular, masyado siyang prangka to the point na nagiging taklesa na siya.

Pero hindi niya tukoy na paghiwalayin ang dalawa. Ang sa kanya lang ay makatulong at mabigyan ng linaw ang problema ng mga ito.

Hindi man siya boto kay Dina, pero dahil mahal ito ng kaibigan, wala siyang magagawa kundi ang ibigay ang suportang kailangan ng dating magkasintahan.

“Pero malay mo, magbago pa rin ang isip ni Dina at ma-realize ang kamalian niya. Baka balikan ka pa rin niya sa bandang huli.”

Mapait ang ngiting pinakawalan ni Ompong. “Kilala ko siya, Carla. Masyadong mataas ang ambisyon niya kahit noon pa man. Why do you think I am still single until now? Dahil siya ang ayaw pang magpakasal. Nothing and no one should get in the way of her ambition. At iyon ang importante sa kanya.”

“Nothing is permanent in this world, you know.”

Tumaas ang kilay ng binata.

“Hindi ko sinabing umasa ka sa kanya. I’m just talking about possibilities dahil puwede naman mangyari iyon, di ba?” Bakit ba mukhang siya ang mas nangangailangan ng assurance at hindi ang katabi niya?

“Wala na siyang babalikan, Carla,” turan nitong nakatutok ang mga mata sa kanya.

“Ows?” Nag-twinkle ang mga mata ni Carla at nag-gymnast bigla ang puso niya. Parang gusto rin niyang magtatalon sa harapan nito, but she contained her excitement. It’s bad to jump with glee on somebody’s misfortune.

“Bakit pa? I’m better off without her. And I think, ganoon din naman siya. I think our love for each other wasn’t good enough to bring out the best in each of us.”

“Kunsabagay.”

“But we did love each other and we had our good times together. Mabait si Dina and she’s easy to get along with. Malambing din siya at mapagmahal. Iyon nga lang, may pagka-moody.”

“Abnormal ang babaeng walang topak.”

“Hmm... Actually, may pareho kayong katangian.”

Umungol siya bilang pagprotesta. “Ano naman kaya iyon?”

Napangisi ito. “Pareho kayong mataray.”

“Naks naman, akala ko sasabihin mong pareho

kaming maganda.”

Wala itong naging reaction sa sinabi niya. Naghari ang katahimikan sa pagitan nila.

Nakita na ni Carla sa picture ang hitsura ni Dina. Natural lang ang dating nito. Hindi gaanong maganda pero hindi rin pangit. Pero nadadala nito ang sarili sa makeup. Sosyal ang babae kahit saang anggulo man tingnan.

Samantalang siya, maliban sa lipstick ay walang makeup na inilalagay sa mukha. Dahil siguro sa uri ng trabaho niya, kaya hindi niya natutunan ang magpaganda.

Pero marami ang nagsasabing maganda siya. She was once a beauty queen in her college days at isasali sana siya ng manager niya sa *Miss Philippines* beauty pageant. Kaso nagkasakit siya ng dengue kaya hindi iyon natuloy.